Minamahal na mga magulang at tagapag-alaga,

Sa pagpasok natin sa bagong taon ng pasukan, gusto kong maglaan ng ilang sandali upang talakayin ang Foundation Skills Assessment (FSA), isang taunang pagsusulit sa buong probinsya para sa Grade 4 at 7 na mga mag-aaral sa B.C.

**Ang pagsusuri sa FSA ay magaganap sa pagitan ng Oktubre 1 at Nobyembre 10, 2025 sa paaralan ng iyong anak sa oras ng pasukan.**

Ang lahat ng mga mag-aaral sa Grade 4 at 7 sa buong lalawigan, kabilang ang mga nasa distrito ng ating paaralan, ay gagawin ang nasabing  mga pagtatasa, dahil nagbibigay ang mga ito ng mahalagang impormasyon kung paano umuunlad ang mga mag-aaral sa pagbasa, pagsulat, pagbilang, at pagmumuni-muni sa sarili. Ang mga pagsusulit ay nagbibigay din sa mga mag-aaral ng karanasan na tumutulong sa paghahanda sa kanila para sa mga pagtatasa sa Grade 10 at 12 na kinakailangan para sa pagtatapos.

Ang mga indibidwal na resulta ng iyong anak ay ibabahagi sa iyo nang kumpidensyal at hindi kasama sa mga report card. Ginagamit ng lalawigan at ng distrito ang kabuuang resulta ng mag-aaral upang matukoy ang mga lugar na maaaring mangailangan ng karagdagang suporta, o upang ayusin ang kurikulum ng probinsiya kung kinakailangan. Nakakatulong ito upang patuloy na mapabuti ang kalidad ng edukasyong natatanggap ng mga mag-aaral.

Ang mga punong-guro ng paaralan, sa pakikipag-usap sa mga magulang, ay maaaring i-exempt o di pakuhain ang isang mag-aaral ng mga pagsusulit sa FSA kung natutugunan nila ang partikular na pamantayan ng Ministri ng Edukasyon at Pangangalaga ng Bata (Ministry of Education and Child Care), tulad ng mga mag-aaral na may dokumentadong pangangailangan sa pag-aaral sa Mga Indibidwal na Plano sa Edukasyon (Individual Education Plans, IEPs) na pumipigil sa kanila sa pagkuha ng pagsusulit, at mga mag-aaral ng wikang Ingles ( English Language Learners) na may hindi sapat na kasanayan sa wika upang maunawaan ang mga tanong. Maaari ding patawarin ng mga punong-guro ang isang mag-aaral sa mga kaso ng mga emerhensiya sa pamilya, matagal na pagkakasakit, o katulad na mga pangyayari.

Para sa karagdagang impormasyon sa FSA, mangyaring bisitahin ang website ng Ministry of Education at Child Care o makipag-ugnayan sa iyong paaralan.

Salamat sa iyong patuloy na suporta.

Tapat na sumasainyo,

Mark Pearmain
Superintendent | CEO

**Surrey School District** 14033 92 Avenue, Surrey, BC V3V 0B7
Tel: 604-596-7333 | www.SurreySchools.ca